# (1)

R6.6

Gifu Prefectural Council of Social Welfare, Social Welfare Corporation
Seksyon ng Pautang ng Pondo, Departamento ng Suporta sa Kabuhayan

Mga special loan tulad ng emergency small amount funds dahil sa epekto ng COVID-19
**Impormasyon tungkol sa exemption at pagbabayad**
**Notification of Exemption and Repayment**

Tungkol sa pagsisimula ng pagbabayad (pagbabalik ng pera) para sa mga special loan tulad ng emergency small amount funds para sa epekto ng COVID-19 na ipinahiram ng aming asosasyon, nais naming ipahiwatig ang mga sumusunod.

**Ito ay isang mahalagang paunawa, kaya mangyaring tiyaking basahin ito nang mabuti.**

Sulat

## 1. Dokumento at iba pang ipinadala ngayon (nakalakip na mga bagay)

*Dahil may form para sa bawat pondong inutang, matatanggap ang higit sa isang sobre kung higit sa isang uri ang inutang.

| | | |
|---|---|---|
| (1) | Gabay kaugnay sa special loan tulad ng emergency small amount funds (notipikasyong ito) at abiso tungkol sa balanseng babayaran *Kanang bahagi ng notipikasyong ito | |
| (2) | Impormasyon tungkol sa exemption mula sa pagbabayad (flowchart) *Siguraduhing basahin ito | Mayroong flowchart sa pagkumpirma |
| (3) | Listahan ng address ng pagpapadala (municipal social welfare council) at iba pang impormasyon | |
| (4) | Abiso ng pagbabago ng pangalan/tirahan | Nasa likuran ang halimbawa ng kung paano sulatan |

**(2)Mangyaring sundin ang flowchart sa ibaba upang makita kung aling proseso ang naaangkop sa iyo, at kumpletuhin ang proseso ng exemption at pagbabayad.**

## 2. Para sa mga katanungan

Gifu Prefecture Social Welfare Council Livelihood Support Division
Loan Disbursement Department
[Numero ng telepono/Contact Number] **058 - 201 - 2100**
[Oras ng pagtanggap/Reception Time] Mga karaniwang araw 9:00 ~ 17:00

Gabay sa Web Site
QR Code

Ang QR code na ito ay isang nakarehistrong trademark ng Denso Wave Inc.

**[Pakiusap]**

- Hindi kami tumatanggap ng mga dokumentong isinumite nang personal. Mangyaring iwasang magdala ng mga dokumento nang personal.
- Para sa mga katanungan tungkol sa kasong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa numero ng telepono sa itaas. Maaaring mahirap makipag-ugnayan sa amin kaagad sa pamamagitan ng telepono pagkatapos maihatid ang abisong ito. Sana ay maunawaan ninyo.
- Hindi ibabalik ang mga dokumento kapag naisumite na ang mga ito. Sana ay maunawaan ninyo.
- Maaaring tumagal ng humigit-kumulang isang buwan mula sa petsa ng aplikasyon para matukoy ang resulta ng pag-apruba o hindi pag-apruba ng exemption.

# Abiso tungkol sa Balanseng Babayaran ukol sa Espesyal na Pautang ng Pang-Emergency na Maliit na Pondo atbp.

Nakasulat sa ibaba ang balanseng babayaran ukol sa pautang na paksa nito

Sulat

**○ Katayuan ng utang at halagang babayaran (Balanseng babayaran)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan ng pondo | | Code ng pautang | |
| Buong pangalan ng taong umutang | | | |
| Panahon ng pagbabayad | Mula | Hanggang | Beses |
| Halaga ng pautang | Yen | | |
| Halagang tapos nang bayaran | Yen | | |
| Balanseng babayaran | Yen | | |
| Halagang atrasado sa pagbabayad mula sa balanseng babayaran | Yen | | |

Ito ay impormasyon sa Mayo 31, 2024. Maaaring may bahaging hindi naipapakita sa mga datos ng pagbabayad.

< Account para sa Bank Transfer >

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan ng pinansyal na institusyon | | Pangalan ng branch | |
| Uri ng deposito | | Pangalan ng may-ari ng bank account | |
| Bank account number | | Petsa ng pag-transfer (pag-withdraw) | Mangyaring kumpirmahin ang likuran nito. |

Kailangan ang proseso kung hindi pa nagrerehistro para sa account transfer.
Mangyaring makipag-ugnayan sa samahang ito (Telepono 058-201-2100).

**Mga bagay na dapat mahigpit na sundin atbp.**

1.Ang mga pautang ay dapat bayaran sa takdang petsa alinsunod sa plano sa pagbabayad na itinatag sa oras ng aplikasyon.
2.Dapat magbigay kaagad ng notipikasyon kapag nagkaroon ng sumusunod na bagay sa taong umutang.
(1)Kapag nagkaroon ng pagbabago sa address atbp.
(2) Kapag pinalitan ang sariling pangalan o apelyido
(3)Kapag nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kalagayan ng sambahayan
(4)Kapag tumanggap ng pampublikong tulong (seikatsu hogo) ang taong umutang
(5)Kapag pumanaw ang taong umutang
(6) Kapag nagkaroon ng isang natural na sakuna, sunog o iba pang malubhang sakuna
(7) Iba pang bagay na itinakda ng Gifu Prefectural Council of Social Welfare

3.Kapag naaangkop sa 1 sa mga sumusunod, maaaring ipasauli sa isang bayaran ang kabuuan o bahagi ng pautang.
(1) Kapag ginamit ang pautang para sa ibang hindi nararapat na layunin
(2) Kapag umutang sa pamamagitan ng kasinungalingan sa aplikasyon o iba pang maling paraan
(3) Kapag sadyang nagpabaya sa pagbabayad ng pautang
4. Kapag hindi binayaran ang pautang hanggang sa deadline ng pagbabayad, kokolektahin ang overdue interest na 3.0% kada taon para sa overdue principal.
*Ang overdue interest para sa pautang hanggang sa katapusan ng Marso 2020 ay 5.0%.

**●Para sa mga katanungan tungkol sa kasong ito**

[Numero ng telepono/Contact Number] 058 - 201 - 2100
[Oras ng pagtanggap/Reception Time] Mga karaniwang araw 9:00 ~ 17:00

# Tungkol sa reimbursement

Ipababayad ang pautang sa pamamagitan ng account transfer (pag-withdraw mula sa nakarehistrong account)
Mangyaring kumpirmahin ang balanse sa account upang hindi magkulang ang balanse sa araw ng pag-transfer

| Pinansyal na institusyon | Araw ng pag-transfer | Handling fee (pasanin ng taong umutang)<br>*Idadagdag ito sa halagang babayaran buwan-buwan. |
|---|---|---|
| The Juroku Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Ogaki Kyoritsu Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Gifu Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Ogakiseino Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Seki Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Hachiman Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Tono Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Takayama Shinkin Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Japan Post Bank | Ika-25 | 10 yen kada 1 transaksyon |
| Pinansyal na institusyon liban sa nakasulat sa itaas | Ika-23 | 165 yen sa bawat transaksyon<br>*Mula Abril 2024, ang bayad ay binago mula 150 yen → 165 yen bawat transaksyon. |

* Kung araw na sarado ang pinansyal na institusyon, gagawin ang transfer sa susunod na business day.

| Sa ganitong sitwasyon | Impormasyon |
|---|---|
| Nais kumpirmahin ang nakarehistrong bank account | Kailangang gawin muli ang proseso ng pagrerehistro.<br>Mangyaring makipag-ugnayan sa samahang ito (Telepono 058-201-2100) para sa impormasyon tungkol sa mga dokumentong kinakailangan sa proseso. |
| Hindi nagawa ang pag-transfer dahil kulang ang balanse | Kung hindi nagawa ang pag-transfer dahil kulang ang balanse o hindi nairehistro nang wasto ang bank account, ipapadala sa koreo ang payment form.<br>Hinihiling na magbayad alinsunod sa impormasyon sa payment form. |
| Nais magkonsulta tungkol sa pagbabayad | Mangyaring makipag-ugnayan sa Council of Social Welfare ng munisipalidad kung saan nag-apply para sa pautang o sa samahang ito (Telepono 058-201-2100).<br>Magtatanong kami tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng pamumuhay, kita at pagtatrabaho.<br>Para sa mga taong nahihirapang magbayad dahil sa mga sumusunod na pangyayari, maaaring makapag-apply para sa pagpapalugit (pagpapaliban ng pagbabayad).<br>・ Naapektuhan ng sakuna dahil sa lindol, sunog atbp.<br>・ Hindi makapagtrabao dahil nagpapagaling sa sakit<br>・ Walang trabaho<br>・ Tumatanggap ng palugit sa pagbabayad ukol sa ibang pautang<br>Flyer tungkol sa pagpapalugit sa pagbabayad |